PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 19 NO. 44 DECEMBER 28 - JANUARY 3, 2021 10.00




# Iba't ibang pasyalan sa cavite, binigyang pagkilala sa ginanap na award ceremony ng PTCAO

**Sa ginanap na virtual awards ceremony ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite sa pangunguna ng Provincial Tourism and Cultural Affairs Office (PTCAO) ay nabigyang pagkilala ang iba't ibang pasyalan sa buong probinsya nitong Disyembre 28, 2020.**

Ang Sonya's Garden mula sa Alfonso ang nakakuha ng pinakamataas na parangal sa "provincial list of local specialty restaurants" samantalang ang Maragondon River cruise naman ang nanguna sa "nature category in the same day tour".

Kasama sa listahan ng mga ginawaran ay ang Yoki's Farm sa Mendez para sa industrial tourism municipal level, Residence Inn ng Tagaytay City para city level; Sa Sports and Recreation category, binigyang parangal ang Torres Farm mula sa Naic para municipal level, at Promenade de Dasmariñas para city level.

Ang Hotel Kimberly Tagaytay ang nakasungkit ng pinakamataas na parangal para sa listahan ng mga hotel para sa "tourists' arrivals, overnight stay".


Samantalang ang top two historical and cultural sites naman ay ang Aguinaldo Shrine sa Kawit at Corregidor Island para sa city level.

Ang top local specialty para sa city level ay ang dinarayong Digman Halo sa Bacoor City. Habang ang top resort award ay ibinigay sa River Front Garden ng Maragondon para sa town level at Tubigan Garden resort sa Dasmariñas para sa city level.

Ang top accommodation citation ay napunta sa Royale Tagaytay ng bayan ng Alfonso. Habang ang nangungunang tatlong LGUs na may pinakamaraming bilang ng mga dumadalaw na turista sa parehong araw na pagdating, ay ang Tagaytay, Dasmariñas at Kawit.

Ang mga naturang parangal ay iginawad sa mga sumusunod na lugar at establisiyimento sa Cavite bilang pagkilala sa kanilang mga kontribusyon sa turismo ng lalawigan sa gitna ng pandemya.

Bagaman bumaba ng bilang ng mga turistang nagpupunta sa lalawigan simula ng pagputok ng Taal at pagkakaroon ng pandemya dulot ng COVID-19, nagsisimula na ang PTCAO para sa kanilang kampanya upang mapasiglang muli ang turismo ng Cavite na may kaukulang pag-iingat sa kalusugan ng mga nais bumisita rito.




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

SIGA KA BA?



Ni: BRENT MENDOZA

## IBA'T IBANG KARANASAN SA NAGDAANG KAPASKUHAN SA METRO MANILA

Nitong nakalipas na December 25, 2020 ay araw ng Pasko. Ano nga ba ang pagkakaiba nito sa nakalipas na Pasko noong 2019? Iba't ibang karanasan ng bawat tao sa Metro Manila ang ating isasalaysay ngayon. Malaki ang pagkakaiba ng Pasko ngayong 2020 sa mga nagdaang Pasko dahil ngayong taon, dumating ang 'di natin lahat inaasahan na pandemya sa ating buhay. Marami ang mga ipinagbabawal na dapat nating sundin para sa kaligtasan ng ating buhay. Kailangan po nating gumamit ng face mask at face shield kapag tayo ay nasa labas o namamasyal. Dapat din pong mayroong social distancing. Ang lahat po ng mga pinagbabawal ay kautusan ng ating gobyerno upang masiguro ang kaligtasan ng bawat isa. Kaya huwag pong matigas ang ulo at sumunod na lang nang maayos dahil para rin po ito sa sariling kaligtasan ng buhay.

Sa totoo lang, talagang hindi po kayo mag-eenjoy sa panahong ito pero gawin po ninyo nang tama ang lahat ng pinapatupad ng ating gobyerno at magiging masaya rin ang Pasko ng bawat isa. May ilan po tayong nakapanayam upang alamin ang pagdiriwang nila ng Pasko.

Ayon kay Ginoong Marcel Cido ng Ermita, Manila, may anak daw siyang lima (5) at lahat ay talagang bata pa at ang kaniyang panganay ay labinglima na at ang kaniyang bunso ay pitong buwan pa lang pero naging masaya naman daw ang kanilang Pasko. Ang importante raw ay sama-sama silang lahat pagsapit ng Pasko. Mahalaga raw sa kaniya ang pag-iingat kaya't ang kaniyang mga anak ay naka-face mask.

Ayon naman kay Ginang Wilma Fuentes, ang Pasko, para raw sa kaniya ay dapat daw talagang magsaya dahil minsan lang ito sa isang taon pero ang pag-iingat ay huwag daw kalilimutan. Malungkot naman ang naging Pasko ng isang mister na ito dahil ang kaniyang maybahay ay hanggang ngayon, nasa Quarantine Room ng isang ospital. Nagpositibo raw sa swab test ang kaniyang maybahay kaya hindi nila nakasama ng kaniyang mga anak sa nagdaang Pasko. Kaya hindi po lahat ay talagang masaya sa nagdaang pagsalubong ng Pasko 2020. Marami pang iba't ibang karanasan na talagang hindi nila ito malilimutan. Magiging tatak na ito sa kanilang mga isipan dahil sa pandemyang nararanasan.

Kaya lagi po nating tatandaan na ang ating buhay sa mundong ito ay madaling mabago sa isang iglap lang kaya't matuto po tayong gumawa ng mabuti sa ating kapwa dahil baka bukas o sa mga susunod na oras ay iba na ang takbo ng iyong buhay. May kasabihan nga po na hindi araw-araw ay Pasko. Ang pinakamabuti po na ating gawin ay gumawa ng kabutihan sa kapwa. Huwag gumawa ng ikasasama ng iyong sarili at pamilya at huwag nating lahat kalilimutan sa araw-araw ang paglapit sa Dakilang Ama na nasa langit upang araw-araw po niya tayong gabayan sa magandang buhay.

BARANGAY KORNER



Ni: George Arce

## SUBOK NA SA TATAG AT TIBAY ANG ISANG BARANGAY SA MAYNILA

Hello po mga ka-barangay! Kumusta na po ang isang linggong nagdaan sa buhay ninyo? At kumusta rin po ang Paskong nagdaan sa inyong mga barangay? Alam ko kahit mayroon pa ring pandemya ay pilit pa rin ninyong maging masaya ang buhay sa inyong barangay. Sa muli nating pag-iikot, kung saan-saang barangay ay sa Barangay 659-A Zone 71 District V Manila tayo nagawi. Madalas po nating maisulat sa ating kolum na "Barangay Korner" ang Barangay 659-A. Lagi po nating napupuri ang barangay na ito dahil sa napakalaking pagbabago mula nang maging punong barangay si Chairman Robert Bunda sa barangay na ito. Nito lamang nagdaang Pasko ay namigay na naman sa kaniyang nasasakupan ng pamaskong biyaya, kaya't puring-puri siya ng mga taong kanyang nasasakupan. Hindi raw nila ito naranasan sa nagdaang punong barangay. Maging sa kainitan ng COVID-19 ay naging suportado ng chairman ang buong barangay na sakop niya. Marami nga ang nagsabing ang kanilang barangay ngayon ay **"SUBOK NA MATIBAY AT SUBOK NA MATATAG NA".**

Magaling at maayos nga raw ang ginagawang pamamalakad ng punong barangay kasama ng pitong kagawad. Unang termino ng chairman ang kaniyang panunungkulan sa barangay na ito pero sobrang laki na ang pagbabago ang nagawa. Binago niya ang lahat ng bulok na sistema sa kaniyang barangay. Naging aktibo ang lahat ng mga ginagawa at marami ang nagulat dahil naging buhay na buhay na ang araw-araw na operasyon ng Brgy. 659-A.

Sa totoo lang po kapag kayo ay nagawi sa Barangay Hall ng Barangay 659-A na matatagpuan sa may LRT Central Terminal Station, doon ka magsasabing totoo ang lahat ng istorya ko rito sa kolum ko, kumpleto ang ang pasilidad dito. Mayroon na itong daycare center na napakahalaga sa isang barangay. Sobrang linis din ng paligid dito at laging bukas sa pagbibigay ng serbisyo sa lahat ng nasasakupan nila.

Lagi po nating tatandaan na ang isang punong barangay, kapag may damdaming handang tumulong sa kapwa, sigurado, ang serbisyo na ipagkakaloob nito ay garantisado. Tulad ni Chairman Robert Bunda na laging aktibo sa serbisyo. Dapat ay tularan siya ngayon ng iba pang mga chairman. Napakasarap tumira sa isang barangay kung ang punong barangay ay may tamang serbisyong binibigay sa mga taong nasasakupan. Dapat ding hindi makalimot manalangin sa Dakilang Ama sa langit upang ang buhay sa araw-araw ay pagpalain.

## EDITORIAL Stoking COVID fears

As we might have observe, globalist business and financial groups have been stoking the flames of the COVID-scare around the world and they seem so hooked up the idea that the world economy and our normal social life must stop in the name of health. These organizations want lock us all up for ill-defined scientific facts and real doctors and scientists voices on the real score of the pandemic have been ignored by the mainstream media and the biggest social media network are on these globalists' side censoring alternative voices.

A few days ago, Education Secretary Leonor Briones insisted that face-to-face classes must resume in areas at low risk of COVID-19, and President Rodrigo Duterte abided for good reasons. But the Asian Development Bank, a very unlikely organization to weigh-in on issues of health, pitch in brandishing its supposed study that face-to-face classes might cause an increase in COVID-19 death by 8%. With an unsolicited opinion, it said that full resumption of face-to-face classes in the first half of 2021 may cause a jump in COVID-19 deaths based on its "Cost-Benefit Analysis." "When the new normal is maintained, overall mortality from COVID-19 from school opening is about 1,500 lives nationally, or around an 8% increase from the cumulative value simulated if schools were to remain closed," the ADB said. "The average age at which these deaths occur is 63, and this figure represents 0.3% of 2019 mortality in the Philippines," it added. The ADB said closing face-to-face schooling only for those over 15 "averts 60% of those deaths, and reduces mortality to about 600 lives, while allowing 78% of learners to attend face-to-face classes." Education Secretary Leonor Briones on Wednesday said that a total of 1,114 schools were recommended for the reopening dry run. The National Economic and Development Authority (NEDA) backed the pilot test of face-to-face classes, as it can pave the way for further reopening of the economy and allow those in lower age brackets to go out. The ADB said, however, that protracted school closure does not appear to be especially effective in controlling COVID-19. "The pandemic risk to children is limited, as a very small share of diagnosed COVID-19 cases globally and in the Philippines is among those under 20 years of age, and severe medical outcomes, including mortality, are rare among children and adolescents," it said. But what's the point of ADB's gloomy forecast? What is its purpose? The government must ignore it.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

**ERNA M. BALAGTAS**
Publisher

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Masaya ang buhay dahil sa favor na operational budget. Mabibili mo na ang pangangailangan, makakapag-save ka pa. Huwag lang makalimot na pasalamatan ang lahat ng tumulong sa'yo. Ingatan ang health. Lucky numbers at color for the day ang 42, 51, 15, 33, 25 at mango orange.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Ayusin ang gawain para mapanatiling nasa high quality ang products. Increasing ang income. Lucky numbers at color for the day ang 25, 32, 46, 55, 11 at brandy yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Magiging maayos rin ang food business. Parami nang parami ang iyong customer. Masaya ang buhay. Lucky numbers at color for the day ang 43, 32, 23, 12, 51 at scarlet red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Ang money making ideas ay magiging isang malaking negosyo. Mula rito ay marami pang business ang made-develop. Lucky numbers at color for the day ang 25, 42, 33, 53, 12 at satin white.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Ang iyong impulse na maglinis ng buhay ay magti-trigger ng progress movements sa iyong buhay. Lucky numbers at color for the day ang 42, 35, 53, 11, 22 at mocha brown.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Mararanasan ang financial freedom. Basta huwag magpabaya. Tigilan na ang sigarilyo at alak bago pa mapahamak. Lucky numbers at color for the day ang 32, 45, 52, 11, 22 at cobalt blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Sa mahinahon na paliwanag, magkaroon ng pagkakaunawaan, na magtatanggal sa hidwaan. Lucky numbers at color for the day ang 12, 52, 25. 36, 41 at bone brown.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Merong matutuklasang business secret. Pero tiyakin na sa bawat hakbang ay walang pagsisihan. Lucky numbers at color for the day ang 42, 55, 35, 13, 21 at carrot orange.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Kailangan na maging reasonable ang pag-gastos. Dahil bukod sa mahal ang bilihin, kaila-ngan mo magtipid. Lucky numbers at color for the day ang 42, 13, 21, 22, 55 at cinnamon brown.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Winner ka sa iyong educated emotional reactions. Naglalandas ang business opportunities. Lucky numbers at color for the day ang 27, 12, 31, 52, 43 at cherry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Excited ka sa iyong bagong negosyo. Increasing ang sales, kaya naman tataas din ang iyong kita. Keep it up! Lucky numbers at color for the day ang 12, 35, 21, 52, 46 at dollar green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Na-postpone ang appointment, pero blessing in disguise ito. Dahil darating ang taong magpapasaya sa iyo. Lucky numbers at color for the day ang 12, 35, 53, 45, 22 at cyan blue.

# 'Halayang ube': Making the holidays sweeter for Pinoy families

By Priam Nepomuceno



MANILA – While physical reunions and gatherings for the holiday season are put on hold, not even a pandemic could stop the holidays, which also means a season of eating for many Filipinos.

At the stroke of midnight on Thursday, Filipino families would welcome another year by trooping to the dining table for the "media noche", which would be incomplete without a sumptuous dessert.

In the Philippines, one of the delicacies that complete the holiday feast of families is the delicious and sticky "halayang ube" (purple yam).

But more than just a sweet treat, many Filipinos have considered this as a part of their family heritage that binds them together.

Jeca Marie Curammeng, 27, a long-time resident of Malabon City, said cooking "halayang ube" has been a long-time holiday tradition of their family.

"Tradisyon na kasi ng pamilya namin na magluto at mamigay ng 'halaya' tuwing Pasko. Parang hindi kumpleto yung okasyon kapag wala siya (It is a tradition of our family to cook and give 'halaya' during the Christmas season. The festivities won't be complete without it)," Curammeng said in an interview with the Philippine News Agency (PNA) on Monday.

She said the tradition was passed down to them by her late grandfather, Armando Fernandez Sr., who religiously cooked "halaya" throughout his life.

"Si Lolo nga daw, sabi ni Nanay, mga first week pa lang ng December nagluluto, at katulong nya sa paghalo yung mga mas matatanda niyang apo (My grandfather, according to my mother, is known to cook 'halaya' starting the first week of December. Helping with the task of stirring the mixture are his older grandchildren)," Curammeng added.

Walter Lopez, 43, also a resident of Malabon, said receiving "halayang ube" from friends and loved ones means a lot.

"Sobrang feeling privileged pag nabigyan or nakatanggap ako, lalo't nalaman ko kung gaano kahirap gawin 'yun (I feel very privileged every time I receive 'halaya' during the holidays, knowing how much work goes into cooking it)," Lopez said.

Before one can savor its sweetness and chunky texture, "halayang ube" is cooked arduously for three to four hours with the cooks getting splattered and scalded with the mixture as they cook it over a charcoal or wood fire or in the much modern gas stove.

The ingredients of this all-time favorite consist of purple yam, white sugar, cheddar cheese, margarine, eggs, coconut milk, and cans of condensed milk.

It is made by peeling and boiling the yam until it is soft like rice porridge.

When the yam reaches that consistency, the mixture is left to cool before it is mashed using a spatula to make it softer and easier to mix along with other ingredients.


Depending on the cook, mixing can take as little as 10 minutes or as long as 30 minutes for the traditionalist who wants all ingredients to blend properly.


Once this is done, the mixture is placed on a huge basin-like container atop a fire fed by charcoal, coconut husk or dried wood.

The mixture would then be transferred to llaneras (aluminum oval containers) where they are left to cool down to room temperature.

After this tedious procedure, the "halayang ube" is stored in the refrigerator, ready to be presented to the family and guests during the "noche buena" and "media noche" feasts or distributed as gifts during Christmas or New Year's Day reunions or get-togethers. (PNA)










*Pinaalalahanan ni Mayor Lani Mercado Revilla ang mga kawani ng pamahalaang lungsod ukol sa tatlong katangian ng isang mabuting public servant.*

*Aniya, "Unang M, masayahin. Ibig sabihin, laging nakangiti, bawal ang nakasimangot, may galak sa pagtulong at pagbigay ng suporta at ayuda sa ating mga constituents. Pangalawang M ay masipag. Ibig sabihin, lagi tayong handang maglingkod kahit pa nga beyond the call of duty, o kahit pagod na. Pangatlong M, mapagmalasakit. Ang ating paglilingkod bayan ay ginagawa natin hindi lamang bilang isang tungkulin o obligasyon kungdi bunga ng ating sinserong hangarin na makatulong at makapag-ambag sa pagpapagaan at pagpapabuti ng kalagayan sa buhay ng taumbayan na ating pinaglilingkuran."*




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 19 NO. 44 DECEMBER 28 - JANUARY 3, 2021 10.00

# PIA CALABARZON earns PRAISE 2020 digital, finance awards

By Patricia T. Bermudez

CALAMBA CITY, (PIA)—In a virtual ceremony of this year's Program on Awards and Incentives for Service Excellence (PRAISE) Awards, the Philippine Information Agency – Calabarzon (PIA 4-A) has proven that times of uncertainties and difficulties is not a hindrance in providing timely, accurate and relevant information to the community.

The PRAISE Awards, which recognizes employees who showed hard work and dedication to the agency, also commended PIA 4-A for exemplifying accountability and responsibility, in a bid to fulfill its mandate.

CALABARZON swept various accolades, ranging from digitization and financial management during the recently held PRAISE Awards.

This year, the agency owed its Digital Innovation Award to its strengthened social media platforms, which provides easy to understand community updates, straight from the local government.

Meanwhile, outstanding employees such as Administrative Assistant Cecilia Maloles - who was this year's MASINOP Awardee for effectively managing the agency's finances- and photojournalist and Public Information Assistant Shimie Taclino- who nominated for the Best Online Photo- were also recognized for their work and dedication to the agency.

"The awards received by PIA Calabarzon, whether individually or as a group, are testaments of dedication by its personnel in its mandate to provide timely, accurate and relevant information to the communities we serve." Regional Director Ma. Cristina Arzadon wrote in her yearend message.

She continues, "It is comforting that after nine long months of restricted movements, we remain standing and in the company of our colleagues, friends, families, loved ones, pets included."

Next year, PIA Calabarzon is looking to further strengthening its digital presence next year

